# Philippine Biblical Worldview Institute
## Certificate in Christian Ministries

## 1100 Christian Leadership ©

Conrad Jun Tolosa
Revised March 14, 2020

### CP1102. Ang Mga Abilidad ng Isang Mabuting Leader

Ang pinakanatatangi at malinaw na internal witness ng isang makadiyos na leader ay ang kahandaan niya na magtiis alang-alang sa kanyang kawan. Mahal ng pastol ang kanyang mga tupa nang walang reserbasyon. Hindi niya ginagawa ang kanyang pagpapastol dahilan sa kung ano mang magaganansiya niya o para magkaroon siya ng kapangyarihan o kasikatan kundi dahil mahal niya ang mga tupang ipinagkatiwala sa kanya ng Panginoon. Ang kanilang kapakanan ang lagi niyang nasa isip. Nakikilala ng lubusan ng isang makadiyos na lider ang bawat isa na sumusunod sa kanya. Naoobserbahan ang malugod na pagsunod sa kanyang pangunguna. Hindi niya kailangang puwersahin o manipulahin sino man sa kanila para lamang makamtan niya ang kanyang kagustuhan. Nalalaman niya na ang Diyos mismo ang magbibigay ng mga kinakailangang hirap at pagsubok para sa ikalalago ng kanilang buhay espirituwal.

Sa Matthew 15:14, binabalaan tayo ng Panginoon tungkol sa mga bulag na taga-akay o taga-gabay: *Kung ang isang bulag ay pangungunahan ng isa pa ring bulag, pareho silang mahuhulog sa bangin.* Samakatuwid, napakahalaga para sa mga mananampalataya, lalo na sa mga baguhan, na mag-ingat sa pagpili kung sino ang susundan o pakikinggan. Hindi sapat na ang isang tao ay parang sanay sa Salita ng Diyos at may kakayahang magpasunod. Ang mga katangian ng makadiyos na lider na tinalakay natin sa Part 1 ay nakikita sa taong may mga sumusunod na abilidad na nagsisilbing palatandaan:

a) Ang makadiyos na leader ay mahusay na ***teacher***. Teaching is transfer of knowledge. Si Pastor Edong ay isang mahusay na teacher. Alam niya na mayroong tatlong commonly regarded kinds of learning styles: visual, auditory at kinesthetic. Kaya sa kanyang pagse-sermon, madalas siyang gumagamit ng graphs, charts, maps, pictures, drawing (para sa mga visual learners) habang nagle-lecture (para sa mga auditory learners); at gumagamit din siya ng motion (para sa mga kinesthetic learners). Ayos din ang kanyang communications skills; malinaw siyang magsalita, sakto lang ang kanyang paggalaw-galaw.

Alam din ni Pastor Edong na hindi siya dapat huminto ng pag-acquire ng knowledge. Nagtitiwala siya sa Proverbs 4:7 at 18:15 na nagsasabing: Ang simula ng wisdom ay ang pag-acquire ng karunungan at sa karunungan kumukuha ng insight; at ang puso ng discerning o mapagwari ay may tenga sa pag-acquire ng knowledge at hinahanap niya ito. Ang insight ay malalim na pang-unawa. Nakikita niya ang iba't-ibang parte o detalye ng isang buong bagay. Nakikita niya kung paano nagkakabit-kabit ang maraming bahagi ng isang kabuoan kaya naman alam niya ang kasagutan at pagsasaayos kapag nagkaka-problema sa bagay na ito.

Malalim ang pang-unawa ni Joseph, na anak ni Jacob, patungkol sa hinaharap nilang pitong taong kasaganahan na susundan ng pitong taong taggutom. Nagtatag siya ng isang sistema ng pagbubuwis. Nagpatayo siya ng mga bodega kung saan iipunin ang 20% ng lahat ng aanihin sa panahon ng kasaganahan. Nagtalaga siya ng mga commissioners upang pamahalaan ang bagay na ito. Naglaan siya ng seguridad para bantayan ang kanilang mga naipong ani. Handang-handa sila nang dumating ang

taggutom (Genesis 41:33-36). No doubt, malaking panahon ang ginugol ni Joseph upang turuan ang kanyang mga empleyado upang magampanan nila ng tama ang kanilang iba't ibang gawain.

Dahil sa influence ng isang kaibigan, nahilig si Pastor Edong sa public speaking at pagsulat ng mga kuwento at drama. Sinanay niya ang kanyang dila upang maging malinaw ang pagbigkas ng bawat salitang taglay ng pangungusap na kanyang sasabihin. Pinag-aralan din niya kung paano iwasan ang paulit-ulit na pagkukuwento ng isang bagay o idea upang hindi magsawang makinig sa kanya ang kanyang kausap. Minabuti niya na higpitan ang kanyang sarili patungkol sa haba ng kanyang mensahe sa Sunday service at sa pagpapahayag nito upang hindi makatulog ang kanyang audience. Naging mapili siya sa paggamit ng salita nang sa ganoon ay madali siyang maunawaan ng mga nakikinig. Masasabi na si Pastor Edong bilang isang teacher ay very good communicator.

Bagamat si Delfin ay isang accountant na may maayos na trabaho at disenteng suweldo, alam niya na darating ang panahon na siya ay maglilingkod sa gawain ng Diyos. Habang siya ay naghihintay ng pagkakataon na siya ay makapag-full-time sa ministry, sinamantala niya ang bawat pagkakataon na makapag-aral ng salita ng Diyos. Hindi siya pumapalya sa pag-attend ng adult bible study sa church o ano mang seminar na ginaganap sa kanilang lugar. Di naglaon ay nakapag-aral siya sa isang seminary na ang layunin ay makapag-offer ng formal education sa mga gustong maging minister habang sila ay nasa secular job pa at nag-iipon. Naunawaan at tinanggap niya na ang panahong ito ng kanyang buhay ay bahagi ng plano ng Diyos sa kanyang buhay bilang paghahanda sa pagharap sa kanyang *primary calling*. Si Delfin ay napakarami nang nalalaman tungkol sa Bible bago pa man mag-full-time sa ministry.

b) Ang makadiyos na leader ay mahusay na ***trainor***. Training is the transfer of performance. Ang trainor ay isang *mentor*, isang tagapayo at demonstrator. Siya ang nagmo-model kung paano ginagawa o pinapatupad ang isang gawain. Si Pastor Edong ay marunong magsanay ng kanyang tinuturuan. Hindi lamang niya itinuturo kung ano ang dapat gawin ng mga Cristiano kundi paano ito gagawin; hindi lamang niya sinasabi ang *what to do* kundi ang *how to do it*.

Napapansin ng isang mabuting leader tulad ni Pastor Edong ang mga church members niya na may kakayahan sa ministry, at siya ay handang mag-mentor sa kanila. Dahil sa kanyang patotoo, aware si Pastor na mula pa sa araw ng pagtanggap ni Delfin kay Cristo bilang sariling panginoon at tagapagligtas, may pagnanais na siya na magkapag full-time sa ministry. 30 years old siya noon; isang accounting executive, may asawa at dalawang anak na bago pa lamang nag-aaral. Ang kapansin-pansin kay Delfin ay ang competency niya sa pagtuturo ng salita ng Diyos, subalit ang pagsasa-ayos ng mensahe at delivery nito ang kanyang kakulangan.

Ang discipleship ay hindi lamang pagtuturo kundi pagsasanay ng mga lingkod ng Diyos. Bukas ang mga mata ni Pastor Edong sa bagay na ito. Dahil sa kanyang mahabang experience sa paghahatid ng mensahe mula sa salita ng Diyos tungo sa tenga ng mga nakikinig, at sa kanyang training sa seminary, hindi na mahirap kay Pastor Edong mag-prepare for Sunday message at ang pag-execute ng iba pang gawain ng pastor tulad ng counseling at visitation. Mapalad si Delfin sapagkat willing si Pastor Edong na kanyang maging mentor.

Ang buong bansa ng Egypt at mga karatig pook ay hindi nagutom sa panahon ng tagtuyo. Ang distribution ng pagkain ay naging maayos sapagkat naihanda ni Joseph ang kanyang personnel. Alam nila ang kanilang dapat gawin, salamat sa training na ginawa ni Joseph, na isang taong full of wisdom and discernment.

c) Ang isang mahusay na leader ay *equipper*. Equipping is the transfer of ministry. Napaglalaanan ng isang mahusay na equipper ang kanyang mga natuturuan at name-mentor ng sapat na kasangkapan upang ang kanilang mga objective sa ministry ay magkaroon ng katuparan. Para maging efficient ang mangagawa, kinakailangan na mabigyan siya ng tamang tools for trade. Napaglalaanan niya ang kanyang mga natuturuan ng sapat na kasangkapan upang ang kanilang mga objective sa ministry ay magkaroon ng katuparan. Para maging efficient ang mangagawa, kinakailangan na mabigyan siya ng tamang tools for trade. Ang personal computer, projector at cell phone ay mga pangkaraniwang tools and equipment na kailangan ng manggagawa. Dahil sa may kamahalan ang mga tools and equipment na ito, ang mahusay na equipper, at the same time, ay dapat mahusay ding *fund raiser*.

[Side note: Ang gawain ng fund raiser kadalasan ay nami-misunderstood. Hindi ibig sabihin nito na manghihingi na lamang nang manghihingi si Pastor Edong sa kanyang mga supporters para sa needs ng kanyang mga members o ng kanyang gawain. Hindi rin ibig sabihin nito na magso-solicit siya o mangungutang para makasama sa isang mission trip sa ibang bansa. Si Apostol Pablo ay nag-fund raising sa pamamagitan ng paggawa at pagbenta ng tents. Nasa kalooban ng Diyos kung ang isang pastor ay kinakailangang magtrabaho upang may maipakain siya sa kanyang pamilya. Nang sa ganoon, hindi siya mapilitang mangutang sa kanyang mga members.]

Sa Genesis 6 nakatala ang lahat ng specifications patungkol sa paggawa ng isang napakalaking arko para sa mga magiging pasahero nito: Si Noah at ang kanyang asawa, ang kanyang tatlong anak at ang kanilang asawa at *male and female ng every living thing of all flesh, of the birds after their kind, of animals after their kind, and every creeping thing of the earth after its kind, two of every kind will come to you (Noah) to keep them alive* (Genesis 6:18-20). Mahirap ma-imagine ang pagkagawa ng arko na gawa sa gopher wood (marahil ito ay isang uri ng hardwood tulad ng narra). Inabot ng about 55-75 years (according to answersingenesis.org) si Noah at ang kanyang sambahayan sa pagbuo ng arko. Noong panahong iyon, ano kaya ang mga tools na ginamit ng mag-anak? Ang ginawang replica ng arko na nasa Kentucky, USA ay in-assemble in less than two years. Heavy tools and heavy equipment ang kaibahan. Hindi sinasabi dito na hindi binigyan ng Lord ng proper tools sina Noah. But you get the point.

d) Ang makadiyos na leader ay mahusay na *motivator*. Alam niya kung paano mag-build-up ng excitement gamit ang kanyang vision for the local church. Mayroon siyang abilidad na magsalarawan ng isang inaasam-asam na bagay. Natatanaw niya ang bagay na iyon na hindi nakikita ng iba. At ito ang nagsisilbing liwanag sa daan na kanyang tinatahak. Nakukuha niyang pakilusin ang kanyang mga subordinates tungo sa fulfillment ng kanyang vision, tulad ni Cristo sa pagkasugo Niya sa Kanyang mga disciples upang gumawa ng iba pang mga alagad ng Diyos. Ang pangitain ng Panginoong Jesus ay hanggang sa dulo ng daigdig at sa dulo ng panahon. Sa Matthew 28:18-20 mababasa natin ang kabuoan ng Kanyang *vision*: . . . *humayo kayo at gumawa ng mga alagad sa lahat ng bayan, bautismohan sila sa ngalan ng Ama at ng Anak at ng Espiritu Santo, at ituro sa kanila na sumunod sa lahat ng ipinag-utos Ko sa inyo.*

Dating mainipin si Pastor Edong; walang pasensiya. Kapag mayroon siyang programa o project na gustong maisagawa, utos dito at utos doon ang nangyayari. Ang resulta ay laging ningas-kugon (tipical sa mga Pilipino). Mabilis umarangkada, madali namang mawalan ng gasolina. Subalit habang siya ay nagma-mature sa Panginoon, natutuhan ni Pastor Edong kung paano pasiglahin ang kanyang mga kasamahan tungo sa pagpapatupad ng isang gawain. Pinag-aralan niya kung paano mag-motivate at maiwasan ang mag-manipulate o mag-intimidate ng mga taong nasa likuran ng kanyang pamumuno.

Natuto siyang mag-share ng kanyang vision at daanin sila sa pamamagitan ng persuasion na ang kanyang vision is worth the sacrifice.

e) Ang makadiyos na leader ay nakapagbibigay *inspiration*. Wala siyang pagkukunwari. Sinasabi niya ang nais niyang sabihin at tapat siya sa kanyang mga sinasabi. Hindi niya pinaaasa ang kawan sa mga bagay na di naman kayang kamtan. Ninanais ng kawan na siya ay tularan.

Kahit na Moabita si Ruth, ginusto niyang sumama kay Naomi, na kanyang biyenang babae, tungo sa Bethlehem. Ang sabi ni Ruth, *Kung saan ka pupunta sasama ako, at kung saan ka titira doon ako manunuluyan. Aakuin kong aking bayan ang iyong bayan at aking Diyos ang iyong Diyos. Kung saan ka mamamatay doon ako mamamatay, at doon ako ililibing* (Ruth 1:1-18). Ito ay pagpapatunay sa abilidad ni Naomi na magsalita ng may katapatan at mang-akit sa iba na maging katulad niya.

Marami ang mga sumikat na Pinoy sa buong mundo sa larangan ng pool, boxing, pag-awit, chess, bowling. Efren "Bata" Reyes, Manny Pacquiao, Lea Salonga, Eugene Torre, Paeng Nepomuceno, at iba pa - ang ilan sa nagsisilbing role model o inspirasyon ng ating mga kababayan sa iba't ibang sanga ng Sports at Entertainment. Ang mga OFWs natin ay bantog sa kagalingan sa pagtratrabaho. Sa kasamaang palad, sikat din ang Pinoy sa pagiging corrupt pagdating sa politica at gobyerno. Karamihan sa ating mga politicians at public officials ay parang mga anay na sumisira at nagpapahina ng sahig, haligi, dingding, at kisame ng ating mga government institutions.

Tulad nila Apostol Pedro at Pablo, hangad din ni Pastor Edong na magsilbing example ang kanyang pagiging masunurin sa mga yapak ni Cristo.

f) Ang makadiyos na leader ay isang *disciplinarian*. Hindi ibig sabihin nito na siya ay authoritarian, kundi authoritative. Marunong siyang gumamit ng God-given authority. Nangunguna siya sa pamamagitan ng pagpapakita ng mabuting halimbawa.

Ang pagdidisiplina sa congregasyon ang isa sa pinakamahirap na gawain ng isang pastor. Subalit sa Matthew 18:15-17 maliwanag ang tagubilin ng Panginoong Jesus: *Kung ang isang kapatid ay nagkasala sa iyo, puntahan mo siya at paliwanagan. Kung makikinig siya sa iyo, napag-tagumpayan mo siya sa iyo. Subalit kung hindi siya makikinig, magsama ka ng isa o dalawa nang sa ganoon ang lahat ng bagay ay maisaayos ng dalawa o tatlong saksi. Kung ayaw pa rin niyang makinig, sabihin ito sa buong iglesya. At kung hindi pa rin siya makikinig, ituring siya na parang di-mananampalataya.*

Sa 1 Corinthians 9:24, ang tanong ni Apostol Pablo ay ganito: *Di ba n'yo alam na sa isang paligsahan ng takbuhan marami ang kasali subalit isa lamang ang magwawagi ng premyo?* Kaya ang payo niya ay *tumakbo ka para manalo*. At ang kinakailangan para manalo ay puspusang training na nangangailangan ng disiplina ng katawan. Maski sino sa binanggit nating role model na Pinoy ang tanungin mo, sasabihin nila na ang pinakamahalaga upang magtagumpay ay *praktis, praktis, praktis* o kaya ay *training, training, training*. Ang galing ng slogan ng Kilusan ng Bagong Lipunan – *Sa ikauunlad ng bayan, disiplina ang kailangan*. Sana totohanin ng mga Pinoy ito.

g) Ang makadiyos na leader ay nagbibigay sa kanyang grupo ng *security*. Ang kanyang pagtupad sa pangako, kakayahan at kumpiyansa ay naghihimok ng respeto at pagtitiwala mula sa kanyang mga pinangungunahan. Nakapagbibigay siya ng sense of security sa kanyang mga tupa. Alam nila na hindi siya susuko at aalis na lamang kapag nakaranas ng mabigat na problema ang kanilang local church.

Sinabi ni Jesus sa John 10:11-13 na Siya ang mabuting pastol na handang maglaan ng kanyang sariling buhay para sa kanyang mga tupa. Ang taong upahan lamang ay tatakbo kapag nakita niyang may dumarating na lobo sapagkat wala siyang malasakit sa mga tupa na hindi naman kanya.

Nang hindi pa nakakikilala si Edong nang personal kay Cristo, wala siyang pakialam sa ibang tao. Totoo, marami siyang kabarkada sa lakaran. Subalit hanggang doon lamang ang kanilang relasyon; hanggang sa good-time lamang. Sa oras ng kagipitan - - *Bahala ka sa buhay mo*.

Isang malaking pagpapatunay ang ginawang pagbabago ni Cristo kay Pastor Edong. Nagkaroon siya ng pagpapahalaga sa kalagayan ng kanyang mga kasamahan. Natuto siyang magbigay ng mga payong kapaki-pakinabang sa tamang panahon. Natutuhan din niyang ipaunawa sa kanyang mga kasamahan na ang kapayapaan ng puso't damdamin ay nakasalalay sa kanilang pagtitiwala sa mga pangako ni Cristo at hindi sa dami ng pera o pagtanggap ng tao. Ang pagtataguyod ni Pastor Edong sa kanyang pamilya ay nagsilbing mabuting halimbawa sa kanyang congregasyon.

Mayroon pang tatlong abilidad na dapat mayroon ang isang mabuting leader. Siya dapat ay magaling na *organizer*, *director* at *controller*. Tatalakayin natin ito sa Parts 4, 5, and 6.

***Pag-isipan:***

1. Ano ang mga qualities ang abilities ng isang makadiyos na leader ang nais mong makamtan? Ano ang iyong dapat gawin upang ito ay ma-develop sa iyo?
2. Ikaw ba ay may mentor sa inyong church? Describe your relationship with your mentor.

**I. Multiple choice**

1. Ang pinakanatatangi at malinaw na internal witness ng isang makadiyos na leader ay
   a. Ang pagiging handa niyang magtiis para sa kawan.
   b. Ang pag-atras sa paglilingkod kapag dumarating ang mga problema.
   c. Ang pagiging supportive sa kawan dahil mayroon siyang natatanggap na love gift.

2. Nagbabala ang Panginoon tungkol sa mga bulag na taga-akay:
   a. Kung ang isang bulag ay pangungunahan ng isa pa ring bulag, pareho silang mahuhulog sa bangin.
   b. Kung ang isang bulag ay pangungunahan ng isa pa ring bulag, pareho silang makakarating sa kanilang patutunguhan.
   c. None of the above

3. Ang kahulugan ng teaching ay
   a. Transfer of knowledge
   b. Transfer of technology
   c. Transfer of money

4. Ang mahusay na trainor ay
   a. Isang mentor, tagapayo at demonstrator
   b. Nagmo-model kung paano ginagawa ang isang gawain
   c. All of the above

5. Ang training ay
   a. Transfer of performance
   b. Transfer of abilities
   c. Transfer of mission

6. Ang pagsasanay ay hindi lamang nagtuturo ng what to do
   a. Kundi when to do it.
   b. Kundi who should do it.
   c. Kundi ang how to do it.

7. Ang discipleship ay hindi lamang pagtuturo sa mga alagad ni Cristo kundi
   a. Pagsasaway din sa mga lingkod ng Diyos.
   b. Pagtatama din sa mga lingkod ng Diyos.
   c. Pagsasanay din ng mga lingkod ng Diyos.

8. Ang equipping ay
   a. Transfer of activities
   b. Transfer of responsibilities
   c. Transfer of ministry

9. Para maging efficient ang manggagawa
   a. Kailangang bigyan siya ng tamang pagkain
   b. Kailangang bigyan siya ng malaking sweldo
   c. Kailangang bigyan siya ng tamang kasangkapan

10. Ang good motivator ay
    a. Marunong mag-build ng excitement gamit ang kanyang vision para sa church.
    b. May abilidad na magsalarawan kung ano ang inaasam niyang mangyayari na di nakikita ng iba.
    c. Marunong magpakilos ng mga tao upang maisagawa ang kanyang vision.
    d. All of the above

11. Ang good motivator ay dapat maging
    a. Mainipin at walang pasensya
    b. Mahilig mag-ningas cogon
    c. Patient at persuasive

12. Ang makadiyos na leader na nagbibigay inspiration ay
    a. Walang pagkukunwari at tapat sa kanyang sinasabi
    b. Pinaaasa ang kawan sa mga bagay na di kayang makamtan
    c. Hindi nais tularan ninoman.

13. Si Ruth na Moabita ay mas ginustong sumama kay Naomi na kanyang biyenan sapagkat
    a. Nakita niya na si Naomi ay may katapatan sa kanyang pananalita.
    b. Wala na siyang ibang pupuntahan.
    c. None of the above

14. Ang ibig sabihin na pagiging disciplinarian ay
    a. Pagiging authoritarian
    b. Paggamit ng God-given authority
    c. Pagiging dominante sa pagbibigay ng utos sa mga kasamahan.

15. Ang sabi sa Matthew 18:15-17 patungkol sa pagdidisiplina sa nagkakasala ay
    a. Sitahin ang nagkasala saan man kayo naroon.
    b. Kausapin at paliwanagan at kung hindi makikinig ay magsama ng isa o dalawang saksi.
    c. Ikuwento sa iba ang pangyayari at hayaang iba ang humusga sa nagkasala.

## II. Short Essay (250 words – 20 points)

Ano ang iyong mga natutuhan sa ating mga pinag-aralan patungkol sa mapaglingkod na pamumuno?

***Note:***

1. *Ang essay ay maaaring isulat sa English, Tagalog or Taglish.*
2. *Ang i-submit ang mga sagot ng iyong essay sa iyong Pastor.*

© Revised: March 14, 2020 Conrad Jun Tolosa
All rights reserved. No part of this material may be reproduced, stored in a retrieval system, or transmitted in any form or by any means except for brief quotations for the purpose of review or comments, without the prior permission of the publisher, Philippine Biblical Worldview Foundation, Inc.